ARALIN 28

1. Bakit hindi natupok ang nagniningas na puno na nakita ni Moises?
-Dahil ang Diyos ay nasa puno.

2. Bakit nasa punong hindi natutupok ang Diyos?
-Dahil gustong makausap ng Diyos si Moises tungkol sa mga Israelita.

3. Paano naging katulad ng punong hindi natutupok ang mga Israelita?
-Tulad ng apoy na gustong tupukin ang puno, sina Satanas at Faraon ay gustong lipulin ang mga Israelita.
-Tulad ng Diyos na nasa punong hindi natutupok, ang Diyos ay kasama ng mga Israelita.

4. Ano ang ibig sabihin ng Pangalan ng Diyos na "AKO NGA"?
-Ito ay nangangahulugan na ang Diyos ay walang simula.
-Ibig sabihin ay walang katapusan ang Diyos.
-Ibig sabihin ay laging buhay ang Diyos.
-Ibig sabihin ay wala pang panahon na ang Diyos ay hindi buhay.

5. Alam ba ng Diyos na hindi papayagan ni Faraon ang mga Israelita na umalis sa Ehipto?
-Oo.

6. Ano ang unang palatandaan na nagpapakita na pinili ng Diyos si Moises para pamunuan ang mga Israelita palabas ng Ehipto?
-Ang tungkod ni Moises ay naging ahas, at pagkatapos ay babalik bilang isang tungkod.



7. Ano ang ikalawang palatandaan na nagpapakita na pinili ng Diyos si Moises upang pamunuan ang mga Israelita palabas ng Ehipto?
-Nagkaketong ang kamay ni Moises nang ilabas niya ito. Pagkatapos, pinasok niya muli ang kanyang kamay sa loob ng kanyang balabal at ito'y gumaling.

8. Sino ang ipinadala ng Diyos upang tulungan si Moises na makipag-usap kay Faraon?
-Si Aaron, ang kapatid ni Moses.

9. Bakit nais ng Diyos na iligtas ang mga Israelita mula sa pagkaalipin?
-Dahil mahal sila ng Diyos, at ayaw Niyang mamuhay sila sa pagkaalipin.
-Dahil ipinangako ng Diyos kay Abraham na aakayin Niya sila pabalik sa lupain ng Canaan.
-Dahil ipinangako ng Diyos kay Abraham na ipapadala Niya ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng mga Israelita.

-Tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako kay Moises, at ipinadala ang kanyang kapatid na si Aaron upang tulungan si Moises.

Basahin natin ang Exodo 4:27-28

27-Sinabi ng Panginoon kay Aaron, "Pumaroon ka sa ilang upang salubungin si Moises." Siya'y pumaroon at kanyang nasalubong si Moises sa bundok ng Diyos, at kanyang hinagkan ito.
28-Isinalaysay ni Moises kay Aaron ang lahat ng salita ng Panginoon na ipinagbilin sa kanya na sabihin, at ang lahat ng mga tandang ipinagbilin sa kanyang gawin.

-Naglakbay sina Moises at Aaron sa Ehipto.

-Nang dumating sina Moises at Aaron sa Ehipto, tinipon nila ang mga Israelita, at sinabi sa kanila ang lahat ng sinabi ng Diyos kay Moises.

Basahin natin ang Exodo 4:29-31

29-Sina Moises at Aaron ay naparoon at tinipon ang lahat ng matatanda sa mga anak ni Israel.
30-Sinabi ni Aaron ang lahat ng salita na sinabi ng Panginoon kay Moises at ginawa ang mga tanda sa harap ng taong-bayan.
31-Ang taong-bayan ay naniwala at nang kanilang marinig na dinalaw ng Panginoon ang mga anak ni Israel at kanyang nakita ang kanilang paghihirap, sila'y yumukod at sumamba.

-Naniwala ba ang mga Israelita sa mga Salita ng Diyos na Kanyang sinabi kay Moises?
-Oo.

-Bakit mainan na naniwala ang mga Israelita sa mga Salita ng Diyos?

-Dahil ang Diyos lamang ang nakapagligtas sa mga Israelita.

-Dahil tanging ang mga Salita ng Diyos ang nakapagligtas sa mga Israelita.

-Kung hindi tayo naniniwala sa mga Salita ng Diyos, ano ang tawag natin sa Diyos?



-Isang sinungaling.

-Ililigtas ba ng Diyos ang mga hindi naniniwala sa mga Salita ng Diyos?
-Hindi.

-Kung hindi tayo naniniwala sa mga Salita ng Diyos, hindi tayo maliligtas.

-Nais ng Diyos na makinig ka sa Kanyang mga Salita upang ikaw ay maligtas.

-Ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa atin.

-Tanging ang mga Salita ng Diyos ang makapagliligtas sa atin.

-Matapos makipag-usap nina Moises at Aaron sa mga Israelita, nakipag-usap naman sila kay Faraon.

Basahin natin ang Exodo 5:1-2

1-Pagkatapos nito, si Moises at si Aaron ay pumunta kay Faraon at sinabi, "Ganito ang sabi ng Panginoon, ang Diyos ng Israel, 'Hayaan mong umalis ang aking bayan upang magdiwang sila ng kapistahan sa ilang para sa akin.'"
2-Ngunit sinabi ni Faraon, "Sino ang Panginoon na aking papakinggan ang kanyang tinig, upang pahintulutan kong umalis ang Israel? Hindi ko kilala ang Panginoon at saka hindi ko papahintulutang umalis ang Israel."

-Ano ang sinabi ni Faraon nang sabihin ni Moises na inutusan siya ng Panginoon na palayain ang mga Israelita?

-Sinabi ni Faraon, “Hindi ko kilala ang Panginoon, at saka hindi ko pahihintulutang umalis Israel.”

-Bakit hindi kilala ni Faraon ang Diyos?

-Dahil ayaw ni Faraon na makilala ang Diyos.
-Dahil ayaw ni Faraon na maniwala sa Diyos.
-Dahil mahal ni Faraon ang kanyang kasalanan.

-Si Faraon at ang mga tao sa Ehipto ay hindi naniwala sa Diyos.

-Si Faraon at ang mga tao ng Ehipto ay sumasamba sa malaking ilog sa kanilang lupain.

-Si Faraon at ang mga tao ng Ehipto ay sumasamba sa araw, buwan, at mga bituin pati na rin ang maraming hayop.

-Ang mga tao sa Ehipto ay sumasamba din kay Faraon bilang kanilang diyos.

-Si Faraon at ang mga tao ng Ehipto ay sumasamba sa nilikha ng Diyos sa halip na sumamba sa Diyos.

-Noong panahon ni Faraon, maraming tao ang tumangging maniwala sa mga katotohanan ng Diyos.

-Ngayon din, maraming tao ang tumatangging maniwala sa mga katotohanan ng Diyos.

-Dahil maraming tao ang tumangging maniwala sa mga katotohanan ng Diyos, pinahintulutan ng Diyos si Satanas na linlangin sila.



-Nalinlang ni Satanas ang mga tao, at sinamba nila ang lahat maliban sa Diyos.

-Dahil maraming tao ang tumangging maniwala sa mga katotohanan ng Diyos, pinili ng Diyos si Abraham upang maging ama ng mga Israelita.

-Pinili ng Diyos na ipadala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ni Abraham at ng mga Israelita.

-Pinili rin ng Diyos na isulat ang Kanyang mga katotohanan sa Kanyang Aklat, na Kanyang isinulat sa pamamagitan ni Abraham at ng mga Israelita.

-Ang aklat ng Diyos ay tinatawag na Bibliya.

-Alam ba ng Diyos na hindi papayag si Faraon na umalis sa Ehipto ang mga Israelita?
-Oo.

-Alam ng Diyos ang lahat bago pa man ito mangyari.

-Pagkatapos tumanggi ni Faraon na paalisin ang mga Israelita, pakinggan ang sinabi ng Diyos kay Moises:

Basahin natin ang Exodo 6:1

1-Subalit sinabi ng Panginoon kay Moises, “Ngayo’y makikita mo kung ano ang gagawin ko kay Faraon, sapagkat sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay ay kanyang paaalisin sila, at sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay ay kanyang palalayasin sila sa kanyang lupain.”

-Bakit nagpasiya ang Diyos na ipakita ang kanyang dakilang kapangyarihan kay Faraon at sa mga Ehipsiyo?

-Upang malaman nila na Siya lamang ang tunay na Diyos.

-Nagpasya ang Diyos na ipakita kay Faraon at sa mga Ehipsiyo na ang malaking ilog sa kanilang lupain ay hindi Diyos.

-Nagpasya ang Diyos na ipakita kay Faraon at sa mga Ehipsiyo na ang araw, buwan, at mga bituin ay hindi Diyos.

-Nagpasya ang Diyos na ipakita kay Faraon at sa mga Ehipsiyo na ang kanilang maraming hayop ay hindi Diyos.

-Nagpasya ang Diyos na ipakita kay Faraon at sa mga Ehipsiyo na si Faraon ay hindi Diyos.

-Nagpasya din ang Diyos na ipakita ang kanyang kapangyarihan sa mga Israelita upang malaman nila na Siya ang kanilang Diyos.

Basahin natin ang Exodo 6:2-8

2-Sinabi ng Diyos kay Moises, "Ako ang Panginoon.
3-Ako'y nagpakita kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob bilang Diyos na Makapangyarihan sa lahat; Ngunit hindi ako nagpakilala sa kanila sa pamamagitan ng aking pangalang 'Ang Panginoon'.
4-Akin ding itinatag ang aking tipan sa kanila na ibibigay ko sa kanila ang lupain ng Canaan, ang lupain na kung saan sila'y nakipanirahan.
5-Bukod dito'y aking narinig ang daing ng mga anak ni Israel na inaalipin ng mga Ehipcio at aking naalala ang aking



tipan.
6-Kaya't sabihin mo sa mga anak ni Israel, 'Ako ang Panginoon at aking ilalabas kayo sa ilalim ng mga pasanin ng mga Ehipcio, at aking hahanguin kayo sa pagkaalipin sa kanila, at aking tutubusin kayo na may nakaunat na kamay at may mga dakilang kahatulan.
7-Kayo'y aking aariing aking bayan at ako'y magiging Diyos ninyo at inyong malalaman na ako'y Panginoon ninyong Diyos na nagpalaya sa inyo sa pagpapahirap ng mga Ehipcio.
8-Dadalhin ko kayo sa lupain na aking ipinangakong ibibigay kina Abraham, Isaac, at Jacob; At aking ibibigay ito sa inyo bilang pamana. Ako ang Panginoon.'"

-Nagpasya ang Diyos na ipakita ang kanyang kapangyarihan sa mga Israelita upang malaman nila na Siya ang Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob.

-Nagpasya ang Diyos na ipakita ang Kanyang kapangyarihan sa mga Israelita upang malaman nila na Siya ang kanilang Diyos, ang Diyos ng mga Israelita.

-Dahil hindi pinayagan ni Faraon ang mga Israelita na umalis nagsimulang ipakita ng Diyos ang Kanyang dakilang kapangyarihan.

-Paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang dakilang kapangyarihan sa mga Ehipsiyo at sa mga Israelita?

-Nagpadala ang Diyos ng malalaking salot kay Faraon at sa mga Ehipsiyo.

-Para sa unang salot, ginawang dugo ng Diyos ang tubig ng malaking ilog ng Ehipto.

-Ang salot, gayunpaman, ay hindi pumasok sa lupaing tinitirhan ng mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 7:20-21

20-Gayon ang ginawa nina Moises at Aaron, gaya ng iniutos ng Panginoon. Kanyang itinaas ang tungkod at hinampas ang tubig na nasa ilog, sa paningin ni Faraon at ng kanyang mga lingkod, at ang lahat ng tubig na nasa ilog ay naging dugo.
21-Ang mga isda sa ilog ay namatay at ang ilog ay bumaho at ang mga Ehipcio ay hindi makainom ng tubig sa ilog; At nagkaroon ng dugo sa buong lupain ng Ehipto.

-Nakiusap si Faraon kay Moises na alisin ang salot, at sinabing pahihintulutan niya nang umalis ang mga Israelita.

-Subalit nang alisin ng Diyos ang salot, tumanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita.

-Para sa ikalawang salot, nagpadala ang Diyos ng salot ng mga palaka.

-Ang lupain ng Faraon at ng mga Ehipsiyo ay natakpan ng mga palaka.

-Ang salot, gayunpaman, ay hindi pumasok sa lupaing tinitirhan ng mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 8:5-6



5-Sinabi ng Panginoon kay Moises, "Sabihin mo kay Aaron, 'Iunat mo ang iyong kamay na hawak ang iyong tungkod sa mga ilog, sa mga bambang, sa mga lawa, at magpaahon ka ng mga palaka sa lupain ng Ehipto!'"
6-Iniunat ni Aaron ang kanyang kamay sa tubig sa Ehipto at ang mga palaka ay nag-ahunan at tinakpan ang lupain ng Ehipto.

-Nakiusap si Faraon kay Moises na alisin ang salot, at sinabing pahihintulutan niya nang umalis ang mga Israelita.

-Subalit nang alisin ng Diyos ang salot, tumanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita.

-Para sa ikatlong salot, nagpadala ang Diyos ng salot ng mga niknik.

-Si Faraon, ang lahat ng mga Ehipsiyo, at ang buong lupain ng Ehipto ay natakpan ng mga niknik.

-Ang salot, gayunpaman, ay hindi pumasok sa lupaing tinitirhan ng mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 8:16-17

16-Pagkatapos, sinabi ng Panginoon kay Moises, "Sabihin mo kay Aaron; 'Iunat mo ang iyong tungkod, at hampasin mo ang alabok ng lupa, upang ito ay maging mga kuto sa buong lupain ng Ehipto.'"
17-Gayon ang ginawa nila. Iniunat ni Aaron ang kanyang kamay hawak ang kanyang tungkod, at hinampas ang alabok ng lupa, at nagkaroon ng kuto sa tao at sa hayop. Ang lahat ng alabok ng lupa ay naging mga kuto sa buong lupain ng Ehipto.

-Nakiusap si Faraon kay Moises na alisin ang salot, at sinabing pahihintulutan niya nang umalis ang mga Israelita.

-Subalit nang alisin ng Diyos ang salot, tumanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita.

-Para sa ikaapat na salot, nagpadala ang Diyos ng salot ng mga langaw.

-Ang lupain ng Faraon at ng mga Ehipsiyo ay natakpan ng mga langaw.

-Ang salot, gayunpaman, ay hindi pumasok sa lupaing tinitirhan ng mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 8:24

24-Gayon ang ginawa ng Panginoon, at pumasok ang pulu-pulutong na langaw sa bahay ng Faraon, sa bahay ng kanyang mga lingkod; At sa buong lupain ng Ehipto ay nasira ang lupain dahil sa mga pulu-pulutong na langaw.

-Nakiusap si Faraon kay Moises na alisin ang salot, at sinabing pahihintulutan niya nang umalis ang mga Israelita.

-Subalit nang alisin ng Diyos ang salot, tumanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita.

-Para sa ikalimang salot, nagpadala ang Diyos ng salot ng kamatayan sa lahat ng hayop.



-Namatay ang lahat ng kabayo, baka, tupa, kamelyo, at asno ng mga Ehipsiyo, kabilang ang kay Faraon.

-Ang salot, gayunpaman, ay hindi pumasok sa lupaing tinitirhan ng mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 9:6-7

6-Kinabukasan ay ginawa ng Panginoon ang bagay na iyon. Ang lahat ng hayop sa Ehipto ay namatay ngunit sa hayop ng mga anak ni Israel ay walang namatay kahit isa.
7-Ang Faraon ay nagsugo, at walang namatay kahit isa sa kawan ng mga Israelita. Ngunit ang puso ni Faraon ay nagmatigas, at hindi niya pinayagang umalis ang taong-bayan.

-Nakiusap si Faraon kay Moises na alisin ang salot, at sinabing pahihintulutan niya nang umalis ang mga Israelita.

-Subalit nang alisin ng Diyos ang salot, tumanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita.

-Para sa ikaanim na salot, nagpadala ang Diyos ng salot ng mga pigsa.

-Si Faraon at ang lahat ng mga Ehipsiyo ay nabalot ng mga pigsa.

-Ang salot, gayunpaman, ay hindi pumasok sa lupaing tinitirhan ng mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 9:10

10-Kaya't sila'y kumuha ng abo sa hurno, at tumayo sa harap ni Faraon. Isinaboy ito ni Moises sa himpapawid at naging pigsang sumusugat sa tao at sa hayop.

-Nakiusap si Faraon kay Moises na alisin ang salot, at sinabing pahihintulutan niya nang umalis ang mga Israelita.

-Subalit nang alisin ng Diyos ang salot, tumanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita.

-Para sa ikapitong salot, nagpadala ang Diyos ng salot ng ulan na may yelo.

-Umuulan ng yelo sa buong lupain ng Ehipto, at winasak ang lahat ng mga puno at pananim ng Faraon at ng mga Ehipsiyo.

-Ang salot, gayunpaman, ay hindi pumasok sa lupaing tinitirhan ng mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 9:23-26

23-Kaya't iniunat ni Moises ang kanyang tungkod paharap sa langit, at ang Panginoon ay nagpadala ng kulog at yelong ulan, at may apoy na bumagsak sa lupa. At ang Panginoon ay nagpaulan ng yelo sa lupain ng Ehipto.

24 Sa gayo'y nagkaroon ng yelong ulan at ng apoy na sumisiklab sa gitna ng yelong ulan, at ang gayong napakabigat na yelong ulan ay di nangyari kailanman sa buong lupain ng Ehipto mula nang maging bansa ito.

25-Binagsakan ng yelong ulan ang buong lupain ng Ehipto, ang lahat na nasa parang, maging tao at maging hayop, pati ang lahat ng halaman sa parang, at binali ang lahat ng punungkahoy.



26-Sa lupain lamang ng Goshen na kinaroroonan ng mga anak ni Israel hindi nagkaroon ng yelong ulan.

-Nakiusap si Faraon kay Moises na alisin ang salot, at sinabing pahihintulutan niya nang umalis ang mga Israelita.

-Subalit nang alisin ng Diyos ang salot, tumanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita.

-Para sa ikawalong salot, nagpadala ang Diyos ng salot ng mga balang.

-Kinain ng mga balang ang lahat ng natira sa mga puno at pananim ni Faraon at ng mga Ehipsiyo.

-Ang salot, gayunpaman, ay hindi pumasok sa lupaing tinitirhan ng mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 10:13-15

13- Kaya't iniunat ni Moises ang kanyang tungkod sa lupain ng Ehipto, at ang Panginoon ay nagpahihip ng hanging amihan sa lupain ng buong araw na iyon at ng buong gabi; At nang mag-umaga ay dinala ng hanging amihan ang mga balang.

14-Ang mga balang ay lumapag sa buong lupain ng Ehipto at dumagsa sa lahat ng hangganan ng Ehipto; Totoong napakakapal ng mga balang na hindi nangyari noon at hindi na mangyayari pa.

15-Sapagkat tinakpan ng mga iyon ang ibabaw ng buong lupain, kaya't ang lupain ay nagdilim. Kinain nila ang lahat ng halaman sa lupain at ang lahat na bunga ng mga punungkahoy na iniwan ng yelong ulan at walang natirang anumang sariwang

bagay, maging sa punungkahoy o sa halaman sa parang, sa buong lupain ng Ehipto.

-Nakiusap si Faraon kay Moises na alisin ang salot, at sinabing pahihintulutan niya nang umalis ang mga Israelita.

-Subalit nang alisin ng Diyos ang salot, tumanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita.

-Para sa ikasiyam na salot, nagpadala ang Diyos ng salot ng lubos na kadiliman.

-Nabalot ng dilim ang buong lupain ng Faraon at ng mga Ehipsiyo sa loob ng tatlong buong araw.

-Ang salot, gayunpaman, ay hindi pumasok sa lupaing tinitirhan ng mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 10:21-23

21-Sinabi ng Panginoon kay Moises, "Iunat mo ang iyong kamay paharap sa langit, upang magdilim sa lupain ng Ehipto ng isang kadilimang mararamdaman."
22-Kaya't iniunat ni Moises ang kanyang kamay paharap sa langit, at nagkaroon ng makapal na kadiliman sa buong lupain ng Ehipto ng tatlong araw.
23-Sila'y hindi magkakitaan, at walang tumindig na sinuman sa kinaroroonan niya sa loob ng tatlong araw; Ngunit lahat ng mga anak ni Israel ay may liwanag sa kanilang tirahan.

-Nakiusap si Faraon kay Moises na alisin ang salot, at sinabing pahihintulutan niya nang umalis ang mga Israelita.



-Subalit nang alisin ng Diyos ang salot, tumanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita.

-Bakit hindi pumasok ang mga salot na ito sa lupain ng mga Israelita?

-Dahil ipinangako ng Diyos iyon kay Abraham, Isaac, at Jacob na pagpapalain Niya sila, at gagawin silang isang dakilang tao.

-Dahil ipinakikita ng Diyos kay Faraon, sa mga Ehipsiyo, at sa mga Israelita na Siya lamang ang Diyos, at wala nang iba.

-Kahit na matapos ang kakila-kilabot na mga salot na ito, tumanggi pa rin si Faraon na palayain ang mga Israelita.

-Kahit na matapos ang kakila-kilabot na mga salot na ito, tumanggi pa rin si Faraon na sumunod sa Diyos.

-Maaari bang makipaglaban si Faraon sa Diyos at manalo?
-Hindi.

-May makakalaban ba sa Diyos at mananalo?
-Wala.

-Ano ang mangyayari sa mga lumalaban sa Diyos?

-Lilipulin sila ng Diyos.

-Sa susunod na aralin, pag-aaralan natin ang huling salot.